


Ang Lihim ng Lumang Bahay

Jade





Si Mateo ay naglalakad sa madilim at maulang gabi patungo sa abandonadong bahay sa dulo ng baryo. Ang kakaibang liwanag sa bintana ang nagtulak sa kanya upang pumasok kahit na may pangamba sa kanyang dibdib.



Pagpasok niya, sinalubong siya ng mabigat na amoy ng alikabok at lumang kahoy. Ang mga lumang larawan sa dingding ay tila nakamasid sa bawat galaw niya na nagbigay ng lamig sa kanyang katawan.



Habang umaakyat sa marupok na hagdan, narinig niya ang mahinang bulong na tumatawag sa kanyang pangalan. Pinilit niyang maging matapang at nagpatuloy sa pag-akyat sa ikalawang palapag.



Natagpuan niya ang isang pinto na may kakaibang kulay ginto na simbolo. Dahan-dahan niya itong binuksan at tumambad sa kanya ang isang silid na puno ng makinang na ginto at hiyas.



Natuwa si Mateo sa kanyang nakita at dali-daling kinuha ang pinakamalaking brilyante. Subalit sa kanyang paghawak, biglang umugong ang buong silid at nagsara ang pinto.



Nagdilim ang paligid at naramdaman niyang may humahawak sa kanyang mga balikat. Sinubukan niyang sumigaw ngunit walang lumabas na boses sa kanyang lalamunan dahil sa matinding takot.



Maya-maya pa ay bumukas ang pinto at mabilis siyang tumakbo palabas ng bahay. Nakaahon siya sa kalsada at huminga nang malalim habang hawak pa rin ang brilyante.



Laking gulat niya nang makita ang mga kapitbahay na nagkakagulo sa tapat ng bahay nila. Nilapitan niya ang isa rito at nagtanong kung ano ang nangyari.



Napatingin ang matanda sa kanya nang may halong gulat at takot na para bang nakakita ng multo. Sinabi nitong ang bahay na pinasok niya ay nasunog sampung taon na ang nakararaan at walang nakaligtas.



Dahan-dahang ibinaba ni Mateo ang kanyang tingin sa kanyang palad at nakita niyang ang brilyante ay naging abo lamang. Napagtanto niyang ang kanyang sarili ay isa na ring kaluluwang naliligaw.